



RESILIENT NORTHEASTERN NEW JERSEY

Sa proyektong Resilient Northeastern NJ, magsasama-sama ang mga taong nakatira, nagtatrabaho, at bumibisita sa Jersey City, Newark, Hoboken, at Bayonne para gumawa ng malinaw na plano ng pagkilos para matugunan ang pagbaha sa kasalukuyan at sa hinaharap, habang pinapaganda ang kalidad ng buhay.

Gagawin ng Resilient Northeastern NJ ang mga sumusunod:

- Bubuo ng mga ugnayan sa ating rehiyon para bigyang-daan ang pakikipag-collaborate sa hinaharap kaugnay ng pagiging resilient at iba pang isyu.
- Mag-iisip ng mga solusyon para matugunan ang panganib ng pagbaha gamit ang pinakamahusay na available na data, mga inklusibong prinsipyo sa pagpapasya, at ang opinyon mo!
- Magpapalano ng mga pagkilos, mula sa mga proyektong bumabago sa ating kasalukuyang kapaligiran, hanggang sa bagong patakarán, edukasyon, at inisyatibo ng komunidad.




Lugar ng Proyektong Resilient Northeastern NJ

Tingnan ang pangalawang page ng flyer na ito para magawang *MAKIBAHAGI!*

Gagawa tayo, nang magkakasama, ng roadmap para sa pagtugon sa pagbaha sa kasalukuyan at sa hinaharap sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga sumusunod na stage:

PAGLULUNSAK
Marso 2021

PINAL NA PLANO
Mayo 2022



www.resilient.nj.gov/nenj | Hotline: 201-275-0861 | Email: ResilientNENJ@dep.nj.gov





RESILIENT NORTHEASTERN NEW JERSEY

MAKIBAHAGI

Makakatulong ang iyong opinyon na buuin ang hangarin para sa hinaharap ng ating rehiyon, tukuyin ang mga bahagi ng komunidad mo na pinakamahalaga sa iyo, at gumawa at sumuri ng mga posibleng alternatibo.

MGA PARAAN PARA MAKATULONG:

- Sagutan ang [AMING SURVEY](#) (i-click ang link o i-scan ang QR code)
- Mag-sign up para makatanggap ng mga update sa email gamit ang [PAG-SIGN UP SA LISTAHAN NG EMAIL](#) (i-click ang link o i-scan ang QR code)
- I-download ang aming app sa pakikipag-ugnayan (i-scan ang QR code) para maibahagi ang mga saloobin mo nasaan ka man
- Tumawag sa aming hotline ng proyekto na gumagamit ng iba't ibang wika sa **201-275-0861** at mag-iwan ng mensahe na may feedback mo
- Bisitahin ang aming interactive na website: <http://www.resilient.nj.gov/neni>
- I-follow ang aming @ResilientNENJ account sa Facebook at Twitter, at ang @Resilient_NENJ sa Instagram
- I-email sa amin ang iyong mga tanong sa ResilientNENJ@dep.nj.gov
- Ibahagi ang iyong mga ideya tungkol sa komunidad mo sa pamamagitan ng artwork! Gamitin ang [mga coloring sheet na available sa aming website](#) para ipakita ang iyong mga saloobin, pagkatapos ay ipadala ito sa amin sa pamamagitan ng social media o email
- Tumulong na ikalat ang balita sa pamamagitan ng pagbabahagi sa flyer na ito!

PAPARATING NA:

- *Mga virtual na pampublikong meeting, focus group, at iba pang paraan ng pagtulong batay sa iyong feedback!*

Nakikipagtulungan ang mga komunidad sa NJDEP para makapagsimula ng mga katulad na proyekto sa mga sumusunod na lugar:

- Komunidad ng Raritan River at Bay
- Long Beach Island
- Coastal Region ng Atlantic County

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba pang nasabing proyekto, bumisita sa <https://www.resilient.nj.gov>

Ano ang “pagiging resilient”?

Ang pagiging resilient ay ang kakayahang umangkop sa mga pabagu-bagong kundisyon at umayon sa mga kinakaharap na pagsubok. Sa konteksto ng pagbaha, tumutukoy ito sa paghubog ng mga komunidad na may matatatag na social fabric at imprastuktura na may kakayahang makabangon kaagad pagkatapos ng mga bagyo.

Ano ang “panganib”?

Ang panganib ay ang posibilidad na magkaroon ng peligro, gaya ng pagbaha, na may mga negatibong epekto. Ang panganib ng pagbaha ay ang posibilidad na magdulot ang tubig ng pinsala at abala sa ating mga komunidad. Lumalaki ang panganib ng pagbaha kapag lumalaki ang peligro, gaya ng kapag tumataas ang sea level o kapag mas malakas ang pag-ulan, o kapag mas maraming tao ang puwedeng mapinsala.

SURVEY




PAG-SIGN UP SA LISTAHAN NG EMAIL



I-download ang Irys App:

MGA iOS DEVICE



MGA ANDROID

